MAIL PERMIT No. 2C-17-05-522/ ENTERED AS 1ST CLASS

# HANEP

Basahin Mo Ito!

Taon 5 Blg.41 Pebrero 15-21, 2021 P10.00


BINGE WITH ZARK'S BIGGIE AT SM CITY BACOOR!




**SM CITY BACOOR** – The burger of the month is here at Zark's - SM City Bacoor! Enjoy the best tasting Zark's OG Patty in Barbeque Sauce topped with cheese, bacon, sunny side up and hash brown in new Brioche buns! Enjoy this with your Burgerkada for dine-in and takeout orders. You can also get this through Grab or Food Panda! So hurry and take a big bite at Zark's located at the 3rd Level of SM City Bacoor. See you!



Sama-samang pagtatanim nila Usec Leonardo, RED Tamayo, at PENRO Mercado sa Tree Planting activity na isinagawa noong 31 Enero sa Antipolo ***(A. Saños)***



Paglagda ni DENR CALABARZON Regional Executive Director Nonito M. Tamayo sa Pledge of Commitment sa Tree Planting activity na isinagawa noong 31 Enero sa Antipolo ***(A. Saños)***

# SUNUD-SUNOD NA TREE PLANTING ACTIVITIES, ISINAGAWA SA CALABARZON

p. 2

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0929-8127638

# SUNUD-SUNOD NA TREE PLANTING ACTIVITIES, ISINAGAWA SA CALABARZON

**Calamba City, Laguna – Pagbungad ng Enero, ay nagsagawa ng sunod sunod na tree planting activities ang DENR CALABARZON sa Laguna at Rizal. Mahigit kumulang na 12,100 na puno ng native at fruit bearing nag naitanim kasama ang iba't ibang ahensya.**

Nitong ika-31 ng Enero sa SAF Quartering, Sitio Canumay, Brgy. San Jose, Antipolo, Rizal, nagtanim ng higit sa 10,000 na puno ang PNP, SAF, AFP, BUCOR, PRO4A, na pinangunahan nila Police Genereal Debold Sinas at DENR Under Secretary for Special Concerns Edilberto Leonardo. Kasama ang mga kawani ng DENR CALABARZON at PENRO Rizal.

Ang mga punong naitanim ay kinabibilangan ng 1,300 na Malaikmo, 100 na Laneta, 400 na Lauan, 650 na Dalingdingan, 7,000 na Narra, 70 na Durian, 50 na Sampaloc, 300 na Star Apple, at 150 na Kamagong.

"Ang isa sa core values natin ay makakalikasan. Dapat hindi lang tayo sa enforcement, but also sa protection ng environment. Ang concept po ng ginagawa natin sa Oplan Kalikasan ay hindi lang basta nagtatanim, we have to identify areas for protection and planting. Hindi lang tayo nagti-tree planting kung hindi, aalagaan din natin ang ating tinanim...we plant this not just for compliance, we plant this to live and grow at aalagaan natin", ani PGen Sinas.

Sa kabilang banda, sabi ni USec Leonardo, "Ang gusto natin ay wala na pong magputol ng puno. Ang konsepto po ng ating protection program ay 'yong ating remaining na intact na kagubatan ay babantayan na po natin. Lalagyan na po natin ng pulis, ng army to allow 'yong regeneration ng sarili niya". Inirekomenda rin ni USec Leonardo ang pagtatanim sa coastal areas.

Ang lahat ng kalahok ay nanumpa na ang lahat ay patuloy na magtatanim at pangangalagaan ang kalikasan.

Noong nakaraang ika-23 ng Enero ay nagsagawa rin ng isa pang tree planting activity ang DENR CALABARZON kasama ang mga kalahok ng Environment and Natural Resources Academy (ENRA) Frontline and Basic Course. 1,000 puno ng Narra ang itinanim ng mga kalahok sa Brgy. Sto. Niño, Tanay, Rizal.

Dagdag pa rito, nagsagawa rin ng tree planting activity sa Masungi Georeserve, Baras Rizal ang DENR CALABARZON kasama ang 400 kawani mula sa AFP, PNP, BFP, BUCOR, EPETF, pamilya ng PNPA Kaagapay Class of '96, local na pamahalaan ng Baras, mga kalahok ng ENRA Frontline Course, at mga local na media noong 10 Enero, kung saan higit din sa 1,000 puno ng native at fruit trees ang ating itinanim.

"Itong ating gagawin ngayon ay parte ng National Greening Program upang maibalik ang ating nawawalang kagubatan. Sana ay maging regular na parte ng buhay natin ang pagtatanim ng puno hindi lang sa mga watersheds kung hindi sa mga likod bahay natin at bakanteng spaces sa ating mga lugar. Hindi lamang ito para sa atin kung hindi para sa mga susunod pang henerasyon", ani DENR CALABARZON Regional Executive Director Nonito M. Tamayo.

Ang PENRO Laguna naman ay nakiisa rin sa isang tree planting activity na isinagawa ng Suntrust Property Inc. sa Calamba City, Laguna kung saan sila ay nakapag tanim ng 100 na fruit bearing trees.

Lahat ng puno na naitanim sa mga tree planting activity ay patuloy na pangangangalagaan nga mga katuwang na public at private sector partners ng DENR CALABARZON para sa tiyak na paglaki ng mga itinanim na species.

Ilan sa mga benepisyong hatid ng pagtatanim ng puno ay ang pagsisilbing carbon sink, nakatutulong upang maiwasan ang pagbaha, at pagsisilbing tahanan ng mga buhay ilang.

Para sa mga nais makipag ugnayan para sa mga tree planting activities, maaari pong magpadala ng sulatroniko sa r4a@denr.gov.ph . Hinihikayat din ng DENR CALABARZON ang publiko na magsumbong ng ilegal na gawain na may kaugnayan sa kalikasan. Lahat ay maaaring tumawag o magbigay ng mensahe sa 8888 hotline numero 09561825774/ 09198744369. Ang mga retrato, bidyo, at iba pang impormasyon ay maaari ring ipadala sa opisyal na Facebook page ng DENR CALABARZON: https://www.facebook.com/DENR4AOfficial/. ***PR***

# Gov't has duty to pass law preventing terror acts: SC justice

**MANILA** – The threat of terrorism taking a toll on lives and causing widespread damage to society is real and the government must do something to prevent it, a magistrate of the Supreme Court (SC) said on Tuesday.

"Let me make an analogy. Before a speeding car crashes into a wall or killing several pedestrians, there is a law that regulates speeding. And therefore, even before the harm is done, it is important for certain kinds of acts government looks at prevention or suppression of particular acts before they happen. Is that not correct?" Associate Justice Marvic Leonen asked in interpellating lawyer Algamar Latiph, one of the counsels for the petitions, during the oral arguments on the Anti-Terrorism Act of 2020.

Leonen enumerated a number of terrorist attacks, mostly in Mindanao starting with the February 2004 bombing of the Superferry 14 en route to Cagayan de Oro City from Manila, where 116 people died after a bomb hidden in a television set exploded as the ship passed the waters of Mariveles town in Bataan.

"One hundred sixteen people mean 116 families, six children less than five years old," Leonen pointed out, noting that groups with links to the Jemaah Islamiyah, a militant extremist group based in Southeast Asia, has been widely acknowledged as being responsible for the attack.

He also cited the Aug. 24, 2020 twin blasts in Jolo, Sulu which killed 14 persons and wounded 75 persons, and the Jan. 27, 2019 bombing of the Jolo Cathedral.

"Do you agree we should not wait until it happens? We should give our law enforcers the tools to be able to detect and monitor, not only to detect and prosecute but to disturb the actual incident," he asked Latiph.

Leonen also underscored the need to "cut the means of communications" between a "committed terrorist" with co-conspirators to prevent the actual act from happening.

"There is a criminal element as part of it which is to prosecute and convict in order for it to become a deterrent for the future. But in terms of addressing terrorism, there is also a law enforcement part to try to suppress so that it will not happen," he said.

He said as terrorism is a threat to international peace, the Philippines is mandated to enact an anti-terrorism law, otherwise "the United Nations (UN) Security Council may sanction any state party of the UN charter if they do not follow their bidding or requirements".

Aside from facing sanctions, he said the Philippines may turn into a "safe haven" for transnational terrorists in the absence of anti-terrorism law.

"Because they will not be able to go our neighboring countries like Malaysia which has very strict rules, or Singapore or even Indonesia for that matter, and they will actually use the hinterlands or other places of Mindanao," he said.

Citing the scheme of international high-value terrorists going to Mindanao to marry a Filipina to get local protection, Leonen said "the concept of us becoming a safe haven might actually be happening even as we speak."

"If therefore, we do not comply with international law or what is called by the (UN) Security Council in terms of preventing, suppressing or attending to terrorism, we will become the pariah because we will be training the bombers that will go to Malaysia, Indonesia, Hong Kong or even the United States," he said.

Leonen said it is important for the country's laws not to be backward and rudimentary but must be "state of the art" to equip law enforcers in addressing terrorism.

Noting that terrorism is an international phenomenon, Leonen also cited that social media has also become a way for terrorists to lure people into joining their ranks.

"That (social media) is the way many of our disenchanted youth may be radicalized using that medium," he said as he mentioned reports of Filipino militants recruited to take part in Middle East flashpoints such as Syria and Afghanistan.

He added that a good anti-terror law is not meant to discriminate based on faith but to protect the people.

Addressing the issues raised by leftist groups, Leonen said there are many shades of Marxism.

"Extremism is different from terrorism. Extremism is a belief, terrorism is the method. A belief in this system is not terrorism. So, we punish the method but not the ideology," he said. ***(PNA)***

# Kooperatiba, patuloy sa paghahatid ng mga pagkain sa CALABARZON at ilang bahagi ng Kalakhang Maynila

**LUNGSOD NG CALAMBA** --Tuluy-tuloy ang pagdadala ng Chef José Consortium of Cooperatives (CJCC) ng suplay ng gulay, prutas, itlog, manok, at iba pang produktong pang-agrikultura mula sa CALABARZON patungo sa ilang bahagi ng Kalakhang Maynila.

Ang CJCC ay binubuo ng Batangas Egg Producers' Cooperative, San Jose Workers' Multi-Purpose Cooperative, at Batangas Organic and Natural Farming Agriculture Cooperative.

Nasa halos 2 toneladang suplay ng pagkain ang iniluwas ng mga nasabing kooperatiba noong ika-5 ng Pebrero, 2021 sa mga pamilihan tulad ng Waltermart North Edsa; FarmFetch Restaurant sa Katipunan, Quezon City; Waltermart Makati; at Makati Atrium sa pamamagitan ng proyektong KAtuwang sa DIwa at GaWA (KADIWA) ni Ani at Kita ng Kagawaran ng Pagsasaka na isinasagawa tuwing Biyernes.

Bukod pa rito, nagdadala rin ang Chef José ng kanilang mga ani at produkto sa Philippine Daily Inquirer, Tech Green sa Parañaque, at All Seasons sa Molino. Mayroon din itong online marketplace (www.yourchefjose.com) na maaaring direktang mamili ang sino mang interesado.

Sinabi ni Gng. Cecille Aldueza-Virtucio, chairperson ng Chef José na katuwang nila ang Kagawaran ng Pagsasaka Rehiyon 4-CALABARZON na nagsisilbing hub. Dito pinagsasama-sama ang mga ani at produkto mula sa halos 700 miyembro ng samahan upang maging bahagi ng KADIWA.

Dagdag pa niya, sa pamamagitan ng pagtutulungang ay napapataas ang market value ng kanilang mga produkto na nagreresulta sa mas mataas na kita ng mga magsasaka at mas stable na presyo para sa mga mamimili.

"Sapat at sigurado po ang suplay ng pagkain sa CALABARZON. Makakatiyak kayo na sa pagtutulungan po namin na mga magsasaka ay patuloy kaming magdadala ng pagkain sa Metro Manila nang makatulong na maging sapat ang suplay ng pagkain para sa lahat," wika ni Gng. Virtucio.

Maliban sa mga lowland at highland vegetables, prutas, manok, at ilog, nagtitinda rin ang Chef José ng mga grocery items, baking product, kape, asukal, at ilang manufactured products gaya ng turmeric tea, sinaing na isda, at iba pa hindi lamang sa Kalakhang Maynila kundi maging sa ilang bahagi ng CALABARZON.

# Tanza RHU reports increase in COVID-19 reinfection incidents

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite (PIA) -- The Rural Health Unit of the municipality of Tanza reported an increase in incidents of reinfection of the COVID-19 cases recorded recently.**

According to the latest data from the RHU, there were six (6) reinfections recorded this week in which four (4) are health workers, one (1) PNP personnel, and one (1) lock-up case. Last week, there were three (3) patients who were found positive of the COVID-19, they were previously been reported among the confirmed cases in the municipality.

Municipal Health Officer Dr. Ruth Punzalan stated in an interview last week that recovering from the disease does not make one immune from infection.

RHU officials were alarmed with the developments of an increase in the number of reinfections.

"Tayo po ay talagang... seryosohin natin itong preventive precaution na 'to. Isipin po natin lahat na ang ating kaharap ay may dalang COVID-19 virus," Dr. Punzalan reiterated.

(Let's really take this preventive precaution seriously. Let us all think that all people we meet are carriers of the COVID-19 virus.)

Data collected from contact tracing showed that 50% of transmissions came from the workplace, those who travel, and exposure to close contacts of positive patients with most of the positive cases are asymptomatic which makes them more dangerous because they do not have any idea that they are infective and are considered super spreaders.

Officials of the local government of Tanza thru the health authorities in the RHU continuously reminded everyone to follow the minimum health standards particularly the mandatory wearing of face mask and face shield especially in public places. ***(Ruel Francisco/Balitang Tanzeño)***

# Pagbisita sa tourist spots ng Ternate, may bayad na

**HUWAG** magugulat ang mga motorista na dadaan sa Kaybiang tunnel sa Ternate, Cavite kung hihingan ng halagang P20 sa pagdalaw sa nasabing lugar.

Sa ipinasang ordinansa ng Sanguniang Bayan ng Ternate, kabilang ang Kaybiang Tunnel sa iba pang tourist attraction sa nasabing bayan ang kanilang sisingilin ng halagang P20 sa lahat ng mga tursita, bisita, mountaineers at mga dadalaw sa magagandang tanawin doon.

Nakasaad sa Ordinance No. 5 S-2014 o “Ternate Tourism Ecological Fee Ordinance” na maniningil ng ecological fee at magpapataw ng parusa sa mga lalabag sa patakaran sa Ternate.

Layon din ng pangongolekta ng ecological fee, bukod sa pondo ng bayan ay magagamit upang mareserba at mapanatiling malinis ang mga tourist areas.

Sakop lamang ng nasabing ecological fee ang buong araw na pagbisita habang libre naman ang mga residente ng Nasugbu sa Batanggas na daan lamang sa Kaybiang Tunnel.

Exempted naman ang mga residente ng bayan, mga government officials o mga researcher na iimbitahan ng municipal government, bata na may edad 6 pababa, mga pesons with disability at mga senior citizens na bibigyan ng 20% discount. ***GENE ADSUARA***

# USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

## Walang batang mayaman, walang batang mahirap; dapat patas na batas

**ANG** Republic Act 11229 o Child Safety In Motor Vehicles Act ay naaprubahan noon pang Pebrero 22, 2019.

Nitong Pebrero 2 naman dapat ang ganap na pagpapatupad ng batas na ito subalit ipinasyang ipagpaliban dahil nahaharap pa tayo sa pandemiya.

Sinasabing ang pangunahing layunin ng child seat law ay hindi pagpapahirap sa publiko sa halip ay upang mailigtas sa aksidente ang mga batang sumasakay sa pribadong sasakyan.

Maganda naman ang motibo dahil para mailayo nga sa aksidente ang mga bata.

Pero take note, ito ay para lamang sa mga private vehicles.

Paano naman ang kaligtasan ng mga batang isinasakay sa mga pampublikong sasakyan kagaya ng bus, dyip, taksi o maging traysikel?

Ibig bang sabihin, ang batas na ito ay pabor lamang para sa mga batang mayayaman?

Mayaman o may kaya sa buhay ang ikinokonsiderang nagkakaroon ng sariling sasakyan.

Usap lang ng mga katropang kalsada, sabi nga nila dapat ang batas na ito ay para sa lahat.

Hindi iyong para lamang sa mga batang may sariling sasakyan.

Paano nga naman ang mga batang walang sariling sasakyan?

Parang ang mangyayari ay ang mga batang may kaya o mayaman lamang ang maiiligtas ng batas na ito sa sakuna.

Ulitin lang natin, iyan po kasi ang itinuturong dahilan o layunin ng batas na ito na para nga mailayo sa aksidente ang mga batang sumasakay sa private vehicle.

Malinaw hindi po ba? Private car lamang at hindi kasali ang pampublikong sasakyan.

Kaya ulitin din muli natin ang sabi ng mga katropang kalsada, dapat ay patas ang batas na ito.

Kung paano gagawin iyan ng mga kinauukulan…

Bahala sila pero kailangan ay isaalang-alang nila ang lahat.

Walang batang mayaman at walang batang mahirap bagkus ay patas na batas.

# 6 binatilyo, 1 pa; tiklo sa mga nakaw na bisikleta

**ANIM** na menor de edad kasama ang kanilang “kuya” ang inaresto matapos ituro na tumangay ng mga bisikleta habang nakaparada sa tapat ng bahay sa Imus City, Cavite.

Hawak ng Cavite police si Richad Asebuche, 18, habang nasa kustodiya ng City Social Welfare and Development (CSDW) ang mga binatilyong sina Ram, 15; Jonjon, 14; Angelo, 15; Mike, 17; Migo, 15; at Jigger, 13.

Inireklamo sila nina Marl Maato, 20; at Jefferson Dinoso, 42, kapwa residente ng Brgy Bayan, Luma 2, Imus City.

Sa reklamo ng mga biktima kay PSSgt Wilfred Guevarra, ng Imus City Police Station, dakong alas-5:15 Linggo ng hapon nang tangayin ng mga suspek ang apat na bisekleta, 2 road bike at 2 mountain bike na nagkakahalga ng P38,000 habang nakaparada sa tapat ng kanilang bahay.

Agad ipinagbigay alam sa kanilang barangay at Imus CPS ang nasabing pagnanakaw.

Nagsagawa ng follow up operations ang mga awtoridad na nagresulta sa pagkakaaresto sa mga suspek.

Personal namang itinuro ng mga biktima ang mga kabataan na siyang tumangay sa kanilang bisekleta. ***GENE ADSUARA***

# EDITORYAL

## May gatas pa sa labi

**TINATAYANG nasa pitong menor de edad na babae ang nanganganak kada araw.**

**Sa pinakahuling pagtala ay umabot sa pitong porsiyento ang naidagdag sa hanay ng mga nagbubuntis na ang edad ay sampu hanggang labinlimang taon pa lamang.**

**Nakakabahala ang ganitong pangyayari, sila iyong kung tawagin ay may mga gatas pa sa labi subalit nasadlak na sa pagbubuntis.**

**Sa kanilang napakamurang gulang ay nahahantong na kaagad sa panganganak.**

**Kaya naman humihiling ang Commission on Population and Development ng social support para sa maagang pagbubuntis ng mga kabataang babae.**

**Ang Kongreso ay mayroong kahilingan sa komisyon para sa pakikipag-ugnayan sa Department of Social Welfare and Development.**

**Ito ay ang pagbibigay ng social protection sa mga ‘batang nanay’ o teenage mothers at maging sa anak o mga anak nito.**

**ADVERTISING RATES**
COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm
LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm

HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/editor-in-chief*

Ang **‘HANEP Basahin Mo Ito!**’ ay inilalathala tuwing lunes sa HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. Sebastian Kawit, Cavite
**Contact#:** 0977-7844136/ 09298127638
**Email:** roneje d@yahoo.com
hanеppublication@yahoo.com

**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**

*Member: Publishers Association of the Philippines,Inc.* papi

# MGA 'ISMAGLER SA BOC, DAPAT IMBESTIGAHAN

**DAPAT umanong imbestigahan ng National Bureau of Investigation (NBI) ang talamak na smuggling sa Bureau of Customs (BOC) at mga kahina-hinalang traders.**
Ito ang naging tugon ng samahan ng mga magbababoy sa isang media forum patungkol sa kautusan ng Department of Justice (DOJ) sa NBI na imbestigahan ang manipulasyon sa presyo ng baboy.
Sinabi ni Vice President for Luzon, Pork Producers of the Philippines Nicanor Briones, na sayang lamang ang panahon ng DOJ at NBI sa gagawing imbestigasyon hinggil dito.
Iginiit nito na ang dahilan ng pagtaas ng presyo ng baboy ay ang African Swine Fever o ASF , smuggling.
Isa rin aniya ang kapabayaan sa ayuda para sa mga magbababoy kaya panawagan nito sa gobyerno na tutukan ang nangyayaring technical smuggling dahil malaking halaga umano ang nawawala sa kita ng pamahalaan. ***(leonard basilio)***

Republic of the Philippines
Fourth Judicial Region
**FAMILY COURT**
Branch 5, Trece Martires City
fc1tmt0005@judiciary.gov.ph
09234824559

**NORMIELYN AUSTRAL CELERES,**
Petitioner

**Civil Case No.** TMCV- 005-20
versus **For**: Declaration of Nullity of Marriage

**JENEFEL C. CELERES,**
Respondent
x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**O R D E R**

During today's hearing, the petitioner Normielyn Austral Celeres is present. Atty. Realyn Anacan appeared as the corroborating counsel of Atty. Charita R. Agdon-Leonardo. The respondent is absent. Prosecutor Gee B. Rosanes appeared for the state.

Since the respondent transferred residency as stated in the Sheriff's return, petitioner's counsel moved that summons be served thru publication which was granted by court. The petitioner is hereby directed to serve a service of summons through publication once a week for two consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the Philippines. In addition, a copy of the summons shall be served on the respondent's last known address at Purok 1, Brgy. Pasong Kawayan 1, General Trias, Cavite by registered mail[1].

The summons to be published shall be contained in an order of the court with the following data: 1.) title of the case; 2.) docket number; 3.) nature of the petition; 4.) principal grounds of the petition and the relief prayed for; 5.) a directive for the respondent to answer within thirty (30) days from the last issue of publication.[2]

The petitioner is hereby directed to coordinate with the Clerk of Court for the publication of summons.

Let this case be set for monitoring of the publication on 23 February 2021 at 8:30 in the morning.

**SO ORDERED.**

**GIVEN IN OPEN COURT** on 12 January 2021 in Trece Martires City, Cavite Philippines.

**FLORDELIZ CABANLIT FARGAS**
Presiding Judge

[1]Section 6 (1) of A.M. No. 02-11-10 SC.
[2]Section 6 (2) of A.M. No. 02-11-10 SC.

**Copy Furnished:**

**Pros. Gee B. Rosanes** Conforme: __________
Trial Prosecutor

**Atty. Charita R. Agdon-Leonardo** Conforme: __________
Counsel for the petitioner

**Normielyn Austral Celeres** Conforme: __________
Petitioner

**Jenefel C. Celeres** Conforme: __________
Respondent

***Office of the Solicitor General***
134 Amorsolo St., Legaspi Village, 1229 Makati City

FCF/jmd
011321

Republic of the Philippines
Fourth Judicial Region
**FAMILY COURT**
Branch 5, Trece Martires City
fc1tmt0005@judiciary.gov.ph
09234824559

**NORMIELYN AUSTRAL CELERES,**
Petitioner

**CIVIL CASE NO.** TMCV- 005-20

versus

**FOR:** DECLARATION OF NULLITY OF MARRIAGE

**JENEFEL C. CELERES**,
Respondent
x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**S U M M O N S**
**(by Publication)**

**TO: JENEFEL C. CELERES,**
Purok 1, Brgy. Pasong Kawayan 1, General Trias City, Cavite

**G R E E T I N G S:**

**WHEREAS**, on 17 January 2020, **NORMIELYN AUSTRAL CELERES** through counsel, Atty. Aiza R. Agdon filed before this Court a petition for declaration of nullity of marriage against **JENEFEL C. CELERES.**

**WHEREAS**, on 12 January 2021, in open court, counsel for the petitioner moved that summons be issued through publication.

**WHEREAS**, on 12 January 2021, an Order was issued granting the motion of the petitioner to serve summons by publication.

**NOW THEREFORE. JENEFEL C. CELERES**, you are hereby directed to get a copy of the Petition personally or thru an authorized representative, and are required to file your answer at this Court sitting at the Government Center Building, Trece Martires City, within thirty **(30) days** from the last publication of this summons. If you fail to answer within the aforesaid time, the petitioner will take judgment against you and may be granted the relief applied for in said petition.

Let a copy of the summons and the Order of the Court be also served upon respondent **JENEFEL C. CELERES** at his last known address at Purok 1, Brgy. Pasong Kawayan 1, General Trias City, Cavite.

**WITNESS THE HONORABLE FLORDELIZ CABANLIT-FARGAS** this 26 January 2021 at Trece Martires City.

**THERESA R. PENILLA**
Clerk of Court V

*FCF/mfm*

**Publication: HANEP** February 8 and 15, 2021

# Babaing rider, tigbak

**NASAWI** ang 46-anyos na babaing motorcycle rider nang bumangga ang minamanehong motorsiklo sa isang kongretong poste sa Kawit, Cavite.
Isinuogod pa sa Kawit Kalayaan Hospital ang biktimang si Maricel Pascual Santos, may-asawa, ng Block 3 Lot 18 KS 3 Lancaster New City, Brgy Navarro, General Trias City Cavite subalit idineklarang dead on arrival.
Sa ulat ni PCMSgt Roldan Requimo, ng Kawit Municipal Police Station, dakong alas-2:10 Martes ng madaling araw naganap ang aksidente kung saan minamaneho ng biktima ang kanyang motorsiklong Yamaha Mio Sporty patungo sa direksiyon ng Centennial Highway galing sa Lancaster pero pagsapit sa Advincula Road sakop ng Brgy San Sebastian, Kawit nang aksidenteng bumangga sa isang kongretong poste sa tabi ng kalsada.
Tumama ang ulo nito sa poste na agad namang dumating ang rescue mula sa MDRRMO at isinugod sa ospital subalit hindi na ito umabot ng buhay. ***GENE ADSUARA***

# DA-CALABARZON nagbigay ng hauling truck sa OPA-Rizal

**LUNGSOD NG LIPA (PIA)** --Isang hauling truck na nagkakahalaga ng P1.4 milyon ang ipinagkaloob ng Kagawaran ng Pagsasaka (DA) Rehiyon 4-CALABARZON, sa pamamagitan ng High Value Crops Development Program (HVCDP), sa Tanggapan ng Panlalawigang Agrikultura ng Rizal (OPA-Rizal) noong ika-5 ng Pebrero, 2021 sa Tanggapan ng Kagawaran sa Lipa City, Batangas.
"Mapapadali po ang pagpapadala namin ng mga ani at produkto sa merkado dahil sa hauling truck na ito, kaya maraming salamat po, DA," sabi ni Aldrin Albos, Provincial Coordinator ng HVCDP, na siyang kinatawan ng OPA-Rizal upang tanggapin ang naturang sasakyan.
Ayon pa kay G. Albos, nasa 14 na grupo ng mga magsasaka na kasapi ng Samahan ng Industriya sa Paggugulayan (SIPAG) sa lalawigan ang matutulungang mas kumita dahil sa pagkakaroon ng hauling truck. Sila rin ay nakikibahagi sa proyektong KAtuwang sa DIwa at GaWA ni Ani at Kita ng Kagawaran ng Pagsasaka.
Kada linggo, nasa 1.2 toneladang talong, 300 kilong sitaw, kalabasa, at iba pang gulay ang sinusuplay ng SIPAG-Rizal sa Organic Options, isang marketing and distribution company.
"Noong nakaraang taon po ay kumita ang ating mga magsasaka ng P500K nang dahil sa pagsusuplay sa Organic Options na nagdadala naman ng ating mga ani at produkto sa mga malls sa Metro Manila," dagdag pa ni G. Albos.
Ang Kagawaran ay nagkaloob na rin noon ng ilang production inputs tulad ng mga binhi at multi-tiller sa OPA-Rizal para sa tuluy-tuloy na produksyon ng gulay sa technology demonstration farm nito. ***(DA-RFO IVA, RAFIS)***

**EXTRAJUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF THE LATE JUANITO R. MANGULABNAN**

Notice is given that the estate of the late **JUANITO R. MANGULABNAN** was extrajudicially settled by his heirs; **JENALYN MANGULABNAN-ADLAO, JUANITO R. MANGULABNAN, JR., JOSELITO R. MANGULABNAN, and JAQUILINE R. MANGULABNAN**; on February 3 , 2021 PER DOC. NO.192 PAGE NO.40 BOOK NO.111 SERIES of 2021 of NOTARY PUBLIC ADASA, HENRY OF CITY OF MANILA

**Publication: HANEP:** Feb. 15, 22 and March 1, 2021

# COVID-19 VACCINE ROLLOUT SIMULATION INILUNSAD SA LUNGSOD NG BACOOR

**BACOOR CITY--30 Bacooreño na healthcare workers, government employees at social workers ang naging vaccinees sa inilunsad na simulation ng Covid19 vaccine rollout sa Southern Tagalog Regional Hospital. Ang simulation na ito ay pinangunahan ng Technical Working Group on Covid-19 Vaccine ng Lungsod ng Bacoor katuwang ang STRH-DOH.**

Dumaan ang 30 vaccinees sa 5 steps ng actual vaccination: Registration, Counselling, Assessment, Vaccination and Monitoring. May mga scenarios na ipinakita sa simulation tulad ng pag-decline sa pasyente dahil hindi qualified, may vaccinee na nagkaroon ng adverse effect after immunization na siyang tinugunan ng mga emergency response teams na nakaready sa vaccination center.

Ang Lungsod ng Bacoor ay magkakaroon ng 16 vaccination sites para ma-cover ang target 70% of total population na mabakunahan na aabot sa may mahigit 430,000 Bacooreños. Ang mga vaccination sites ay matatagpuan sa mga public schools sa lungsod at ang Mega Vaccination Hub ng lungsod ay itatayo sa Bacoor Coliseum.

Mauunang mabakunahan ang mga healthcare workers mula sa public and private hospitals sa lungsod, susundan naman ng mga senior citizens at iba pang frontline workers.

Sa ngayon ay pumasok na sa isang tripartite agreement ang Bacoor LGU sa pangunguna ni Mayor Lani Mercado-Revilla sa pharmaceutical company na Astra Zeneca para sa mga Bacooreño na mababakunahan labas sa allocation ng National Government.

Naghahanda ang Bacoor LGU sa storage facility sa City Health Center ng lungsod para sa iba't ibang brang ng bakuna na maaaring matanggap mula sa National Government. Kasalukuyan ding nagpaparehistro at nagse-survey sa mga Barangay sa pamamagitan ng Barangay E-Governance Information System o BEGIN na siyang sinusumite sa sa Covid-19 Electronic Immunization Registration (CEIR) ng DOH.

Magpapatuloy ang vaccine rollout simulation sa mga susunod na linggo para sa iba lang mga vaccination sites. ***PR***

# 3 katao, huli sa P6.8-M shabu

**TINATAYANG** P6.8 milyon halaga ng shabu ang narekober at nagresulta sa pagkakaresto sa tatlong hinihinalang tulak sa isinagawang buy bust operation ng mga awtoridad sa Imus City, Cavite.

Kinilala ang mga naaresto na sina Aina Elias Maamor, alis "Uking", 20, vendor, ng Gate 2, Kabute Street Brgy. Dela Paz, Antipolo City, Rizal; Sittie Ambuludto Pagayao, 30, networker; at Michael Ordoñez Romualdez, alias "Bossing", 33, ng B4 L30 Borduck Street, Phase 2, Lancaster Residence Subdivision, Brgy Alapan 2, Imus City.

Sa ulat, dakong alas-12:15 Huwebes ng madaling araw nang isinagawa ang buy bust operation ng pinagsanib na puwersa ng mga operatiba ng Special Operation Unit (SOU)-3 sa pamumuno ni PLtCol.Glen Gonzales, OIC ng SOU-3, Philippine Drug Enforcement Agency ( PDEA) at Imus City Police station sa Block 4 Lot 30 Borduck St., Phase 2 Lancaster Residence Subd., Bgry Alapan 2, na nagresulta sa pagkakaresto sa mga suspek.

Nakumpiska sa mga suspek ang 1 kilogram na hinihinalang shabu na may street value na P6.8 milyon.

Bukod sa shabu, narekober din sa lugar ang isang motorsiklong Honda Click, isang Ford Escape na may plakang XSV 242, isang Samsung cellphone, at P2,000 cash.

Ang mga naaresong suspek ay nasa kustodiya na ng Philippine National Police –Drug Enforcement Unit (PNP-DEU) at naharap sa kasong paglabag sa Republic Act 9165 (Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002). ***GENE ADSUARA***

# Media can help boost public trust in Covid-19 vaccine: Andanar

**BUTUAN CITY** – Presidential Communications Operations Office (PCOO) Secretary Martin Andanar believes that the media can help boost the confidence of the public in the government's vaccination program for Covid-19.

In a brief media engagement here on Tuesday, Andanar encouraged members of the Kapisanan ng mga Brodkaster sa Pilipinas (KBP) Butuan Chapter to use their influence to encourage others to be vaccinated.

He noted that members of some media groups in Northern Mindanao, where he sits as Cabinet Officer for Regional Development and Security (CORDS 10), have expressed their willingness to be inoculated as well.

"Let us face the fact na ang mga broadcasters, mga writer, mga reporter, you have more influence than the ordinary worker. Because nagbo-broadcast kayo eh, automatically you talk to [thousands of] people. The audience listens to you because they like you (Let us face the fact. Broadcasters, writers, and reporters, you have more influence than the ordinary worker. Because you are broadcasting, you automatically talk to [thousands of] people. The audience listens to you because they like you)," he said. "So kung magpa-vaccinate ka (if you get vaccinated), you could one way or another influence others to do so."

Andanar stressed that private media workers should be inoculated alongside government media personnel since they are essential workers working in high-risk areas.

"Coming from the context that 47 percent of our people are hesitant about the vaccine, we have to walk our talk," he said, as he noted that he is willing to be inoculated once approved vaccines are available.

Philippine Information Agency Director General Ramon Cualoping III also joined the engagement backing the PCOO chief's call for support from the group to cascade the accurate information to the grassroots level.

"We are asking for your help to 'Explain, Explain, Explain' the good narrative of the Covid-19 vaccine," he said. "Because the problem is that before, people were often asking when the vaccine would be available. But now that it is underway, people are scared. That is why we are here in Caraga, to correct misinformation, to dismiss disinformation, and to spread the good news of the greatest Duterte legacy and the Covid-19 vaccine."

Cualoping assured that the Duterte administration is on top of the situation to ensure that only safe and effective vaccines will be distributed in the country. ***(PR)***

# Merchandizer, dedo sa pagmamaneho

**NASAWI** ang 24-anyos ma merchandizer nang bumangga ang minamanehong motorsiklo sa isang nakaharang na bakal sa kalsada sa Bacoor City, Cavite.

Isinugod pa sa St. Domiic Hospital ang biktimang si Marc Garpin, binata, ng 2104 Silahis St., BF International Village , CAA, Las Pinas City pero idineklarang dead on arrival.

Sa ulat ni PSSgt Albert Badocdoc, dakong alas- 12:00 Huwebes ng hatinggabi naganap ang insidente kung saan binabagtas ng biktima ang kahabaan ng Molino Road gamit ang kanyang motorsiklo pero pagsapit sa isang palikong bahagi ng kalsada malapit sa Frinza Brgy San Nicolas 1, ay nawalan ng kontrol sa manibela at dire-diretso na bumangga sa isang bakal na nagsisilbing harang sa kalsada. ***GENE ADSUARA***

# CA junks ABS-CBN plea on labor case

**MANILA** – The Court of Appeals (CA) has turned down a petition filed by broadcast network ABS-CBN Corporation in a labor case involving two of its employees.

In a 15-page decision dated February 4, the appellate court's Special Ninth Division, through Associate Justice Rafael Antonio Santos, "denied for lack of merit" the petition for certiorari filed by the broadcasting firm.

Associate Justice Elihu A. Ybanez and Raymond Lauigan concurred in the decision.

The case involved employees Ellen N. Lagat and Simonette C. Soriano who filed a complaint for illegal dismissal, non-payment of overtime pay, 13th-month pay, incentive leave pay, holiday pay, as well as attorney's fees against the firm.

On Feb. 15, 2012, the labor arbiter rendered a decision finding that the broadcasting firm had indeed illegally dismissed the two and that Lagat and Soriano have become regular employees by operation of law.

On Feb. 27, 2013, the labor arbiter issued a writ of execution pending appeal for the payment of accrued salaries from March 26, 2012, to February 26, 2013, amounting to PHP245,150 inclusive of 10 percent attorney's fees, execution fee, and deposit fee.

The firm then appealed the case which eventually reached the Supreme Court where it is now pending.

In 2018, the labor arbiter issued an execution order for the payment noting that there is no temporary restraining order issued by the CA or the SC and therefore no legal impediment exists for the execution of the earlier decision.

In turning down the firm's appeal, the CA also said the broadcasting firm "failed to discharge its burden of proving that the National Labor Relations Commission committed grave abuse of discretion" and denied the petition for lack of merit. ***(PNA)***

# Republika Park na pinondohan ng DBM sa Malolos, pinasinayaan

**LUNGSOD NG MALOLOS (PIA)** -- Pinagana na ang interactive dancing fountain sa harap ng bagong tayong city hall ng Malolos bilang hudyat ng pagpapasinaya sa bagong gawang People's Republika Park.

Ayon kay Mayor Gilbert Gatchalian, maaaring matunghayan ang interactive dancing foundation tuwing biyernes, sabado at linggo mula alas-sais ng hapon hanggang alas-otso ng gabi.

Iniaalay aniya ito sa mga pamanang dala ng pagkakapasinaya ng Unang Republika ng Pilipinas na naganap sa simbahan ng Barasoain noong Enero 23, 1899, mula sa pagkakatamo ng karapatan sa edukasyon, makapili ng relihiyon, makaboto o maiboto at iba pang karapatang sibil.

Kaya't bilang simbulo ng pagpupugay sa Unang Republika na pinasinayaan sa Malolos, kumpletong inilagay sa parke ang ebolusyon ng mga naging watawat ng Pilipinas mula sa panahon ng Katipunan ni Andres Bonifacio hanggang sa kasalukuyang watawat na ipinagawa ni Pangulong Aguinaldo.

Sa gitna ng 3,486 square meter na People's Republika Park, nangingibabaw ang 40 na talampakan na tagdan ng kasalukuyang watawat ng Pilipinas.

Nagkakahalaga ang kabuuan ng proyekto ng 26 milyong piso na mula sa Local Government Support Fund-Assistance to Cities ng Department of Budget and Management.

Ang parkeng ito ay kasalukuyang nagsisilbing malaking open space para sa 10 ektaryang Malolos City Government Center kung saan matatagpuan ang bagong city hall at ilang tanggapan ng pamahalaang nasyonal. ***(CLJD/SFV-PIA 3)***

# PGC's BOW PROGRAM VISITS SEVERAL BARANGAYS IN SILANG

The provincial government's Botika On Wheels team visited communities in Silang on February 10-11, 2021 to deliver basic medical supplies which include vitamins, maintenance medicines and insect repellent lotion for the elderlies and children.

Almost 900 senior citizens and 1,800 children in Barangays Carmen, Hukay, Inchican, Kaong, Maguyam, Balubad, Lalaan I and II and Santol benefitted from the program.

The team were welcomed and accompanied by Mayor Corie Poblete, Vice Mayor Aidel Paul Belamide, Board Member Ivee Jane Reyes, Former Mayor Omil Poblete and some Sanggunian Bayan members in the outreach program. ***PICAD***

# AL FRESCO DINING AT SM MOLINO

**SM CITY MOLINO, CAVITE** - Looking for an alternative dining experience in the mall? SM City Molino offers the coolest dining experience in the South. Overlooking city lights and purple pink skies will be your picture perfect background as the sun sets while you dine! Not to mention the instagramable dining area matched in colors and comfort. Mix that with a variety of good food that you can choose from, you'll definitely have that relaxing treat at Dine and Play at the roof deck of SM City Molino. No fretting because SM insures your safety as it duly implement social distancing and regular area sanitation. Visit now and experience the Al Fresco dining at SM City Molino with your friends and family!



# EXPRESS YOUR LOVE WITH SM CENTER IMUS- ZAGU EXPRESSION SHAKE!




**SM CENTER IMUS, CAVITE** – It's definitely the coolest season when you pair up your favorite pick-a pick-a with the best, and the most expressive shake in town! Cheer up and Keep Smiling with Zagu's colorful Expression Shakes in Chocolate and Black Forest flavor. You won't want to miss these to make your valentine feel even sweeter. Come and visit Zagu at SM Center Imus!

# OISHI BATCHOI IS BACK AT SM CITY DASMARIÑAS





Did you miss Oishi Batchoi here at SM City Dasmarinas? They're back! Serving you with their most delicious Japanese food plus making sure you're safe dining in with them! Visit Oishi Batchoi located at 2nd Level herr at SM City Dasmarinas!




TWOgether Combos at Mang Inasal SM City Rosario - Dalhin ang inyong minamahal at mag dine-in sa Mang Inasal this Valentine Season and save P11 on your choice of Mang Inasal Combo Meals! Applicable from February 1-28, 2021 at Mang Inasal SM City Rosario branch.




# PNVFI palalawakin ang pagiging miyembro

ANG pagbubuo ng mga koponan ng volleyball ng Pilipinas para sa hinaharap na mga kumpetisyon sa internasyonal ay hindi na nasa kamay lamang ng coaching staff.

Ayon kay Ramon Suzara, pangulo ng bagong nabuo na Philippine National Volleyball Federation, Inc., ay nagsabing ang gawain ng pagpili ng mga manlalaro para sa mga international meet ay mapupunta sa ilalim ng komite ng pambansang koponan ng PNVFI.

"Sa kagawaran na ito ay siyang hahawak nito. Ang coach ay hindi na mag-iisa na pipiliin ang mga manlalaro, "sabi ni Suzara sa online Philippine Sportswriters Association Forum.

Sinabi ni Suzara na ang komite na may sariling chairman, kalihim at limang miyembro ay hahawak sa lahat ng kinalaman sa pambansang koponan para sa mga kaganapan tulad ng Timog-silangang Asian Games, Mga Larong Asyano at iba pang mga kaganapan sa FIVB.

Noong nakaraan, pinangalanan ng federation ang head coach, na pagkatapos ay bibigyan ng sariling desisyon upang tumawag para sa mga pagsubok at pangalanan ang mga miyembro ng mga koponan ng men's at women's volleyball.

Habang si Suzara ay uupong co-chairman ng komite. Samantala ang PNVFI ay ginanap ang halalan noong nakaraang buwan at nitong maaga, ay natamo ang buong pagkilala sa FIVB, ang pandaigdigang namamahala sa isport, na pumalit sa Larong Volleyball sa Pilinas, Inc. (LVPI) at Philippine Volleyball Federation (PVF) .

Si Suzara, isang miyembro ng FIVB marketing committee at pinuno ng Asian Volleyball Confederation (AVC) marketing and development committee, ay nagsabi na nais niyang makita ang isang mas malaking pool ng mga pambansang manlalaro.

"Kaya, maaari nating baguhin ang mga manlalaro anumang oras," sinabi niya sa forum na ipinakita ng San Miguel Corporation, Go For Gold PH, MILO® Philippines, Amelie Hotel Manila, Braska Restaurant, at ng Philippine Amusement and Gaming Corporation (PAGCOR).

Kasama ni Suzara sa lingguhang sesyon sina PNVFI vice president Arnel Hajan, board member Charo Soriano, at mga pambansang koponan ng mainstay na Alyssa Valdez, Jaja Santiago at Aby Marano.

Naglatag si Suzara ng isang 10-puntong programa para sa PNVFI, na kinabibilangan ng pagbuo ng isang pambansang liga na pagmamay-ari ng pederasyon, na nagdadala ng mga kaganapan sa buong mundo sa bansa at binuhay muli ang mga kumpetisyon ng pangkat ng edad sa buong bansa.

"Masaya kami na may mga plano na tulungan ang paglaki ng volleyball ng Pilipinas. Ito ay simula pa lamang, "sabi ni Valdez, itinuturing pa rin bilang mukha ng isport sa bansa.

Sinabi ni Suzara na plano ng PNVFI na palawakin ang pagiging miyembro nito mula sa kasalukuyang 52 hanggang sa 82, na kumakatawan sa lahat ng iba't ibang mga lalawigan.

"Nakakakita kami ng isang magandang kinabukasan. Kapag naging inclusive tayo mas madaling lumaki. Maabot namin ang mga malalayong lugar at palawakin ang kagandahan ng volleyball. Ito lamang ang unang hakbang. Maraming kailangang gawin, "ani Soriano.

"Walang kahalili sa pagkakaisa at tunay na pagbabago," sabi ni Hajan.

# Itinatakda ng PBA ang Gilas Men's role sa PH Cup

Ang board of governors ng Philippine Basketball Association (PBA) ay sumang-ayon sa ilang pangunahing pagpapaunlad ng Gilas Pilipinas Men para sa darating na panahon.

Matapos ang pagpupulong ng board ang pinakamahalagang hakbang na ginawa ay upang ang Gilas Men ay maglaro bilang isang panauhin sa koponan ng Philippine Cup na nakatakdang magsimula sa Abril 9.

Habang gagampanan ang mga ito bilang isang panauhin sa koponan dahil sa kasalukuyang katayuan ng amateur, sinabi ng komisyoner ng PBA na si Willie Marcial na ang Gilas Men ay karapat-dapat na manalo sa kampeonato sa season-opening conference.

Ang mga manlalaro ng kolehiyo sa pambansang koponan ay kakailanganin munang mag-secure ng mga espesyal na lisensya para sa panauhin mula sa Games at Amusements Board upang malinis para sa aksyon ng PBA.

Sa kabilang banda, nangangahulugan din ito kina Isaac Go, Rey Suerte, ang kambal Nieto, at maging si Allyn Bulanadi, kung malinis siyang maglaro pagkatapos ng kanyang operasyon sa balikat, sa wakas ay makakakita ng aksyon sa PBA matapos na magpalibang sa huling panahon kasunod ng kanilang napili sa Gilas round ng 2019 draft dahil sa Gilas Men commitments.

Kung matagumpay, ang Nationals ay maaaring maging unang pambansang koponan ng Pilipinas na nakakuha ng nangungunang titulo ng liga mula nang bantayan ang Northern Consolidated Cement na suportadong pambansang koponan sa kalagitnaan ng '80s.

Sa kabilang banda, sumang-ayon din ang PBA board na ang espesyal na Gilas round para sa PBA Draft sa Marso 14 ay makakabuti lamang sa tatlo hanggang limang pick.

Nangangahulugan ito bilang default, ang Terrafirma, NorthPort, at Blackwater Bossing lamang ang makikinabang mula sa Gilas round dahil pagmamay-ari nila ang unang tatlong pick ng regular draft.

Gayunpaman, hindi pa ito malalaman kung ang mga dating pakikipagkalakal ay magiging sanhi ng kahit sa Gilas round nang ibigay ng Bossing ang kanilang pangatlong pangkalahatang pagpili sa NLEX Road Warriors sa blockbuster Poy Erram trade sa TNT Tropang Giga.

Ang NLEX at Rain Or Shine ay maaaring makikinabang mula sa Gilas draft kung pipiliin ng Samahang Basketbol ng Pilipinas na lampasan ang tatlo sa nasabing pag-ikot.


Sumang-ayon din ang lupon na ang mga draftees ng Gilas ay maaaring maglaro para sa mga koponan na pumili sa kanila kung malaya silang maglaro.





**RAMON TAT SUZARA**

INIHAYAG ni Ramon "TAT" Suzara NVFI President sa lingguhang PSA Forum via online ang kanyang magiging programa para sa PNVFI, na kinabibilangan ng pagbuo ng isang pambansang liga kasama nito sa naturang forum sina PNVFI vice president Arnel Hajan, board member Charo Soriano, at mga pambansang koponan ng mainstay na Alyssa Valdez, Jaja Santiago at Aby Marano. ***(RGN)***



**NAGING** usapan sa TOPS Usapang Sports week 7 via Zoom ang Basketball, Boxing, Kurashi at Billiards kung saan ay nag bigay ng kani-kanilang mga update ng mga kina aanibang sports. ***(RGN)***

# Stephen Loman lalahok sa ONE Championship

Si Stephen Loman, ang pinakamahabang kampeon ng Brave Combat Federation, ay nag-sign up sa ONE Championship.

Si Loman mismo ang nagkumpirma ng pag-unlad. "Ito ay isang napakahusay na pagkakataon ngunit nasasabik akong sumali sa aking mga kapatid na Team Lakay sa pinakamalaking organisasyon ng martial arts sa buong mundo," aniya.

Kilalang-kilala si Loman sa kanyang stellar stint sa Brave, hawak ang kampeonato ng bantamweight ng promosyon sa loob ng tatlong taon.

Gayunpaman, bumagsak siya ng isang bombshell noong nakaraang buwan nang ipahiwatig niya na iniwan niya lamang ang Brave.

Sinabi ni Loman na ibinigay niya ang kanyang title belt, na nangangahulugang aakyatin niya ang kampeonato mula sa simula.

Gayun paman, hindi siya nabigo tungkol dito.

"Nasasabik akong mapahusay ang aking mga kasanayan sa platform na ito at maipakita ang aking istilo sa milyun-milyong mga manonood sa buong mundo. Siyempre, ang pakikipaglaban sa isang bagong promosyon at isang bagong kapaligiran ay magiging isang hamon ngunit ito ay higit kong handa sa mukha. Handa kong ipakita sa mga tagahanga ng ONE Championship ang pinakamagaling kay Stephen Loman, "aniya.

Kinumpirma ng coach ng Team Lakay na si Mark Sangiao ang bagong nahanap na pagganyak ni Loman.

"Kinausap ko si Stephen at lubos ang kanyang paguudyok ngayon. Hindi siya makapaghintay na makapunta sa Circle at magpakita ng isang palabas. Siyempre, nandiyan ako para sa kanya, pati na rin ang lahat ng kanyang mga kasamahan sa koponan sa Team Lakay, bawat hakbang, "sabi ni Sangiao.

Dahil sa makabuluhang pagkakaiba sa mga limitasyon sa timbang sa pagitan ng ONE at Brave, ONE ay hindi pa matukoy kung aling dibisyon ang lalaban.

Inaasahan siyang manatili sa bantamweights, kahit na maaaring siya ay dumulas sa flyweight class, na sa ONE pamantayan ay ang 135-pound na dibisyon nito.

# ATI, magpaparami ng ASF-Free na mga bagong dumalagang baboy

**LUNGSOD NG MALOLOS (PIA) -- Magpaparami ng mga bagong henerasyon ng mga dumalagang baboy ang Department of Agriculture o DA sa tulong ng Agricultural Training Institute o ATI sa itatayong Multiplier Farm sa Bulacan Agricultural State College o BASC.**

Ayon kay ATI Region 3 Center Director Veronica Esguerra, kinatulong ng DA ang ATI upang matiyak na malinis at hindi dadapuan ng African Swine Fever o ASF ang palalakihing mga dumalagang baboy.

Ipinaliwanag niya na dahil hindi pa maaring magparami o mag-alaga ng baboy ang mga taga Luzon, partikular na ang mga Hog raisers sa Bulacan, ang DA at ATI na mismo ang magpapasimula na makapagpalaki at makapagparami ng bagong henerasyon ng mga baboy.

Ang magiging sistema, may inisyal na 30 dumalaga ang palalakihin at pararamihin sa nasabing Multiplier Farm sa BASC hanggang sa katapusan ng 2021.

Simula sa taong 2022, magkakaroon na ng pormal na dispersal ng mga Dumalagang Baboy kung saan prayoridad na mabigyan ang mga Hog raisers na labis na naapektuhan ng ASF.

Binigyang diin pa ni Esguerra na isa itong istratehiya upang unti-unting maibalik ang normal na estado ng stock at suplay ng karne ng Baboy sa mga pamilihan.

Ayon sa Philippine Statistics Authority, bagama't 60 porsyento ng suplay ng karne ng baboy sa Metro Manila ay nagmumula sa Bulacan, patuloy sa pagbaba ang bilang ng mga napapalaking baboy.

Noong 2018, nakapagtala ng 259, 677 metro tonelada ng karne ng baboy ang suplay sa Bulacan. Bumaba ito ng -19.2% noong 2019 nang unang dumapo ang ASF kaya't 209,776 metro tonelada na lamang.

Nitong nakaraang taong 2020, ang taon na nagsimula ang pandemya ng COVID-19, hindi pa rin humuhupa ang ASF.

